



GAWING LIGTAS LABAN SA LINDOL ANG IYONG BAHAY

AYUSIN. TALIAN.
HUWAG KALIMUTAN.



**Natural Hazards
Commission**
Toka Tū Ake

www.naturalhazards.govt.nz/be-prepared



@naturalhazardscommission



Mga Lindol

At ang New Zealand

Australian Plate

Pacific Plate

Hindi tinatawag na 'mayugyog na mga isla' ang Aotearoa nang walang dahilan. Tayong mga Kiwi ay naninirahan sa isa sa pinaka-aktibo sa lindol na mga bansa sa mundo at taun-taon ay dumaranas tayo ng humigit-kumulang sa **150 na mga lindol** na may sapat na lakas para maramdaman ng mga tao.

Walang epekto sa atin ang karamihan sa mga lindol, maski na maraming lindol na nangyari sa kamakailang kasaysayan natin na nagdulot ng malaking pinsala sa mga ari-arian at sa mga tao.

Alam namin na may mangyayaring mapaminsalang lindol, subali't hindi namin alam kung kailan, o saan. Ang alam namin ay ang paghahanda ngayon ay magpoprotekta sa iyong bahay at mga minamahal.

Ang paghahanda para sa lindol ay dapat gawin ng lahat



Nakatira ka man sa Auckland o sa Alexandra. Umuupa o may-ari. Nakatira sa isang bahay o apartment. Kailangan nating isagawa ang **Ayusin (Fix)**. **Talian (Fasten)**. **Huwag Kalimutan (Don't Forget)**. ang mga hakbang upang ihanda ang ating mga bahay para sa lindol.

Karamihan ng mga hakbang sa buklet na ito ay makukumpleto ng mga taong may batayang mga kasanayan sa DIY (Do-It-Yourself). Ang iba ay mas maiging ipagawa sa mga propesyonal. Kung hindi ka sigurado kung anong mga gawain ang maaaring may paghihigpit, alamin sa inyong lokal na konseho o sa isang lisensyadong builder. Kung ikaw mismo ang gagawa ng ilan sa mga gawain, tiyaking manatiling ligtas.

Ang magandang balita tungkol sa karamihan ng mga hakbang ay, kapag natapos na ang mga ito, ay tapos na ang mga ito — maaari mo nang tigilan ang pag-aalala.

Ang pinakamainam na oras para magsimula ay ngayon na, kaya simulan na natin...

Habang tinitingnan mo ang iba't ibang mga hakbang, bantayan ang mga makakatulong na icon para gabayan ka:



Mga hakbang na dapat unahin na tutulong protektahan ang iyong bahay laban sa mas mahal na pinsala.



Mga hakbang na maaaring kumpletuhin gamit ang ilang batayang mga kasanayan sa DIY.



Mga hakbang sa madaling paghahanda na karaniwan ay makukumpleto sa loob ng 30 minuto o wala pang 30 minuto.

Sa ibabaw ng iyong bahay



Mga chimney na yari sa brick at kongkreto

Tingnan ang iyong bubong. Mayroon bang chimney na yari sa brick o kongkreto na lumalampas sa ibabaw ng bubong? Libo-libo ng ganitong mga uri ng chimney ang gumuho sa mga nakaraang lindol, na nagdulot ng malaking pinsala sa mga bahay at mga tao.



Ang pinakamalaking panganib ay mga chimney na yari sa brick at kongkreto na walang pampatibay. Mahirap sabihin sa pagtingin lang sa labas ng iyong chimney kung may pampatibay ito, subali't kung ang iyong bahay ay itinayo bago mag-1970, malamang ay wala itong pampatibay.

Gawing mas ligtas ang mga ito

- Kung hindi na ginagamit ang iyong chimney, tanggalin ito.
- Kung ginagamit mo pa rin ang chimney, palitan ang mga bahagi na lumalampas sa ibabaw ng bubong gamit ang mas magaang metal flue.
- Kung ang iyong bahay ay isang character o heritage home, ang chimney ay baka maaaring mapalitan ng mas magaang 'kamukha' nito.

MUNGKAHI

Karamihan ng mga gawain sa mga chimney ay mas maiging ipagawa sa mga propesyonal, kaya makipag-usap sa isang lisensyadong builder o sa inyong lokal na konseho kung ano ang nakapaloob sa pagtatanggal o pagpapalit ng iyong chimney.



Mga header tank

Kahit hindi na ginagamit, ang mga header tank ay maaaring maging mapanganib sa oras ng lindol kung babagsak ito sa loob ng iyong kisame, o mahuhulog mula sa iyong bubong. May mas malaking panganib ang mga ito kung puno ng tubig, kaya kailangang i-secure ang mga ito, o tanggalin.

Gawing mas ligtas ang mga ito

- Magpako ng mga piraso ng kahoy sa apat na lokasyon sa paligid ng tank tray at maglagay ng mga piraso ng kahoy na huhusto sa pagitan ng tray at ng tank.
- Magkabit ng mga tiedown strap sa tank para maikabit ito nang secure sa frame ng bubong.
- Kung ginagamit ang iyong tank, makipag-usap sa isang tradesperson tungkol sa pagkakabit ng mga flexible fitting sa pagitan ng iyong tank at mga linya ng supply nito.
- Kung hindi na ginagamit ang iyong header tank, pinakamainam na ligtas na tanggalin ito.

Mga mabibigat na materyales para sa bubong

Ang isang roof tile (tisa sa bubong) ay maaaring may bigat na hanggang 4.5 kg – na maaaring makagawa ng malaking pinsala kung mahuhulog ito mula sa bubong o mahuhulog ito sa loob ng bubong.

Gawing mas ligtas ang mga ito

- Palitan ang mga mabibigat na materyales sa bubong, gaya ng mga kongkreto o slate tile, ng mas magaang mga opsyon gaya ng yero o mga metal tile.
- Tiyakin na ang mga mabibigat na materyales sa bubong ay nakakabit nang secure sa frame na nasa ilalim. Ang mga tile ay karaniwang nakatali sa frame gamit ang alambre, pero maaaring gumamit ng ibang paraan. Ang mga pangkabit (fastenings) ay hindi dapat maluwag, may kalawang o sira.

Sa paligid ng iyong bahay



Mga dingding ng bahay

Kung itinayo ang iyong bahay bago mag-1950, may tsansa na ang anumang ginamit na brick sa labas (gaya ng dobleng brick) at mga dingding na yari sa kongkreto ay walang pampatibay.

Ang mga bahay na itinayo bago mag-1930 ay kadalasang may 'lath at plaster' na mga lining sa dingding na hindi nilayon bilang pangsuhay (bracing) kapag may lindol.

Ang ganitong mga uri ng dingding ay may mas malaking panganib na masira kapag may lindol.

Gawing mas ligtas ang mga ito

- Sa karamihan ng mga kaso, kailangan mo ng lisensyadong builder para tulungan kang suriin ang iyong mga dingding at magsagawa ng anumang gawaing pampatagatag o pamalit.

MUNGKAHI

Hangga't maaari, sikaping isabay ang mga gawaing ito sa iba pang pagbabago o pagtatayo na gagawin – makakatipid ito ng oras at pera.



Mga bote ng gas na nasa labas

Ang pagyugyog ay maaaring paluwagin o sirain ang mga koneksyon at magsanhi ng pagsingaw ng gas mula sa tangke – isang malaking peligro pagkatapos ng lindol.

Gawing mas ligtas ang mga ito

- Ang mga tangke ng gas ay dapat nasa patag na ibabaw, gaya ng kongkretong pad, at nakakadena sa bahay.
- Ang kadena ay dapat malapit sa itaas ng tangke kung ang ilalim nito ay may pampigil laban sa pagdausdos, o kaya ang kadena ay dapat nasa kalagitnaan ng tangke.

MUNGKAHI

Tiyaking alam mo kung nasaan ang mga emergency cut-off switch at mga gripo para sa gas, kuryente at tubig. Kapag naisara na ang gas, kailangan mo ng isang propesyonal para buksan itong muli.



Mga retaining wall (mga pader na pampigil sa pagguho ng lupa o iba pa)


Maaaring magkabitak, gumalaw o gumuho ang mga retaining wall dahil sa paglindol.

Gawing mas ligtas ang mga ito


- Suriin kung ang mga retaining wall sa iyong propyedad ay mahusay na naitayo at namentena. Maaaring may impormasyon ang inyong lokal na konseho tungkol sa iyong mga wall sa iyong property file. Ang mga lumang pader ay maaaring naitayo bago pa nagkaroon ng mga kahingian sa Building Code at malamang na hindi gaanong matatag.
- Mahalaga ang pagsubaybay at pagmentena sa iyong mga retaining wall upang mabawasan ang panganib na masira. Maging alerto sa anumang mga palatandaan ng problema, kabilang ang: mga bitak, humahapay o umuumbok, may mga ugat ng puno na nakapasok o tumutulak sa pader, at mga baradong butas o walang sapat na lagusan ng tubig (kung ito ay pader na buo (solid)).
- Kung gusto mong ayusin ang kasalukuyang retaining wall, pag-isipang humingi ng payo mula sa isang engineer at sa inyong lokal na konseho.



Sa silong ng iyong bahay



Ang mga malalalim na pundasyon (pile foundation) (kaliwa) at mga pile with concrete perimeter foundation (kanan)




Mga pundasyon

Maraming mga bahay sa New Zealand ay may suspended na pundasyon ng sahig na yari sa kahoy, na may espasyo para magapangan (tinatawag na sub-floor) sa silong ng bahay.

Sa mga bahay na may ganitong uri ng pundasyon, mahalaga na ang mga pundasyon ay may wastong suhay (brace) at maayos ang pagkakonekta sa bahay sa itaas – tutulong ito na mabawasan ang paggalaw at pagkasira.

Gawing mas matibay ang mga ito

- Suriin na ang mga koneksyon ay nasa mabuting kondisyon (hindi maluwag, walang kalawang, sira o nawawala) sa pagitan ng mga bearer (tagadala ng bigat) at mga poste, at mga bearer at suleras (joists).
- Kung ang mga koneksyon ay hindi sapat, dapat gumamit ng alambre, bolt o bracket na pangkonekta. Isang hanay ng mga opsyon sa pagkonekta ang makukuha mula sa karamihan ng mga hardware store – ang ilang mga opsyon ay ipinapakita sa diagram sa kanan.
- Ang mga suhay (bracing) ay nagbibigay ng suporta sa mga pundasyon na tutulong pigilan ang paghapyap kapag may lindol. Humingi ng payo tungkol sa bracing mula sa isang lisensyadong builder o engineer, lalo na kung ang iyong bahay ay may concrete perimeter foundation wall na hindi patuloy-tuloy, o kung ang subfloor ay mahigit sa 600mm sa ibabaw ng lupa.
- Kung ang anumang mga pile o pole foundation ay may mga palatandaan ng pagkasira o pagkabulok, palitan ang mga ito.



Mga fitting para sa gas at plumbing

Ang mga connection point ng mga linya ng gas at plumbing ay nasa panganib na matanggal sa pagyugyog kapag lumilindol. Ang mga pagsingaw o pagtagas na resulta nito ay maaaring magdulot ng maraming pinsala sa iyong ari-arian o makasakit sa mga tao.


Gawing mas ligtas ang mga ito

Gumamit ng isang tradesperson para magpakabit ng mga flexible fitting sa pagitan ng iyong mga appliance at sa mga supply line ng mga ito. Magbibigay-daan ito para sa karagdagang paggalaw at tutulong mahadlangan ang pagkaputol at pagsingaw.

MUNGKAHI

Tiyaking gumamit ng mga fitting na angkop para sa kapaligiran ng iyong bahay. Halimbawa, anumang steel (asero) na mga koneksyon sa loob ng 600mm ng nilinis na antas ng lupa ay kailangan ang minimum na type 304 na stainless steel. Kung may pagdududa, magtanong sa isang lisensyadong builder.

Sa loob ng iyong bahay



Mga hot water cylinder

Kung matutumba ang iyong hot water cylinder, maaari itong magsanhi ng malaking pinsala dahil sa laki at bigat nito, o dahil tatagas ang tubig at sisingaw ang gas mula sa mga nasirang line. Lahat ng hot water cylinder ay dapat nakatali nang sigurado para sa lindol. Sa kabutihang palad, madali lang gawing mas ligtas ang mga ito.

Gawing mas ligtas ang mga ito

- Alamin ang laki at disenyo ng iyong cylinder. Dalawang steel restraining strap ang kailangan para sa mga cylinder na mas maliit sa 200 litro, subali't kailangan ng mas malalaking cylinder ang tatlong strap, o mahigit pa. Kung hindi maikakabit ang mga strap sa loob ng 100mm ng itaas o ilalim na gilid ng cylinder, kung gayon, kailangan pa ng mga karagdagang strap.
- Bumili ng angkop na seismic restraint kit mula sa hardware store. Mayroon ito ng mga kailangan mong strap, bracket, screw at washer.
- Magkabit ng pangharang. Maski na may mga strap, maaari pa ring gumalaw nang pakabikabila ang cylinder. Upang mahadlangan ito, maglagay ng dalawang 50 x 50mm na mga vertical block sa kahabaan ng cylinder sa magkabilang gilid nito. Ang mga block na ito ay dapat ikabit sa wall framing gamit ang 100 x 3.75mm na mga pako na may maximum na 600mm centres.



Mga solid fuel burner


Ang walang pampigil na solid fuel burner ay maaaring bumagsak kapag lumilindol, na magsasanhi ng matinding panganib ng sunog.

Gawing mas ligtas ang mga ito

- Kapag malamig na ito, subukang dahan-dahang ugain ang burner – kung gagalaw ito, hindi tama ang pagkalagay ng pampigil nito.
- Lahat ng mga burner ay dapat may mga tagubilin sa pagkakabit ng pampigil. Kung wala ka pa ng mga ito, kontakín ang tagagawa ng iyong produkto para sa partikular na impormasyon.
- Sunding mabuti ang mga tagubilin sa paglalagay ng pampigil. Kung ang burner ay may mga anchor point sa ibaba nito, mas malamang na maging mas madali ang proseso.

MUNGKAHI

Kung hindi tama ang pagka-istala ng burner, maaaring hindi saklawin ng iyong insurance ang anumang pinsala, kaya magandang ideya na gamitin ang mga serbisyo ng isang kwalipikadong technician.





DIY


QUICK
FIX

Mga bagay-bagay sa istante

Maaaring madaling bumagsak ang mga bagay-bagay sa mga istante, kahit na mahina lang ang lindol. Gumawa ng mga hakbang ngayon upang protektahan ang iyong mahahalagang bagay at maiwasan ang hirap ng paglilinis ng mga nabasag.

Gawing mas ligtas ang mga ito

- Ang pagkakabit ng panaling pisi, nylon o alambreng pang-kurtina sa harapan ng mga libro at iba pang mga bagay-bagay sa istante ay makakabawas sa tsansa na mahulog o tumapon ang mga ito kapag lumilindol.
- Magdikit ng Blu Tack or Quake Wax sa ilalim ng mga madaling mabasag na mga ornamento o mahahalagang bagay upang pumirmi sa lugar ang mga ito.



DIY

QUICK
FIX

Mga matataas at mabibigat na muwebles

Ang matataas at mabibigat na muwebles ay maaaring gumalaw nang labis kapag yumuyugyog ang lindol at magsasanhi ng pinsala o pagkasugat kapag bumagsak ang mga ito. Mahalagang i-secure ang mga bagay na ito sa lalong madaling panahon.

Kung ikaw ay umuupa, dapat kang payagan ng iyong landlord na i-secure ang matataas at mabibigat na mga bagay para gawing mas ligtas ang mga ito. Tiyakin mo lang na makipag-usap muna sa kanya tungkol dito.

Gawing mas ligtas ang mga ito

1. Markahan kung saan sa dingding aabot ang itaas ng muwebles, pagkatapos ay ilayo sa dingding ang muwebles.
2. Hanapin ang mga stud sa dingding sa pamamagitan ng bahagyang pagkatok at pakikinig sa mas mahinang tunog ng stud. Maaari ka ring gumamit ng elektronikong stud finder.
3. Gumamit ng 63mm 12-gauge screw para iturnilyo sa lugar ang mga metal angle bracket bago ibalik na muli ang muwebles. Para itago ang mga bracket hangga't maaari, ikabit ang mga ito bilang dalawang nakabaligtad na L, na ang braso ng bracket ay nakaharap pababa sa dingding.
4. Iturnilyo ang kabilang braso ng bracket na pababa sa muwebles gamit ang 15-25mm 8-gauge na mga turnilyo.

MUNGKAHI

May makukuhang mga partikular na pampigil para sa malalaking appliance sa kusina gaya ng mga fridge, freezer at free-standing oven. Magtanong sa inyong lokal na hardware store o tingnan sa online.

Paghahanda habang nangungupahan

Ang pangungupahan mo ng bahay ay ginagawang mas mahirap ang paghahanda para sa lindol, ngunit marami ka pa ring maaaring gawin.

Ang pinakamadali ay magpokus sa loob. Dapat kang pahintulutan ng iyong landlord na gumawa ng mga hakbang na gagawing mas ligtas ang mga bagay-bagay (gaya ng pag-secure ng mabibigat na muwebles sa dingding), ngunit kailangang ibalik mo ang dingding sa orihinal nitong kondisyon kapag lumipat ka. Bago ka kumilos, talakayin mo sa iyong landlord o property manager kung ano ang gusto mong gawin.

Kausapin din siya tungkol sa anumang mas malalaking bagay. Maaaring hindi niya alam ang panganib na maidudulot ng ilang partikular na mga bagay sa bahay at ang pag-aayos sa mga ito ay makakabawas sa tsansa ng pagkapinsala sa ari-arian at ng pinsala sa iyo.

DIY

QUICK
FIX

DIY


QUICK
FIX

Mga telebisyon

Dahil sa mataas at manipis na hugis ng mga ito, madaling matumba ang mga TV kapag lumilindol.

Gawing mas ligtas ang mga ito

- Gumamit ng mga specialist restraint strap para i-secure ang TV sa muwebles na kinapapatungan nito.
- Ang paglalagay ng non-slip mat sa ilalim ng TV ay makakabawas din sa paggalaw, subali't dapat gamitin ang mga ito kasabay ng mga restraint.



Mga kuwadro at salamin

Maaaring maalis sa kanilang mga sabitan ang mga kuwadro na may taling alambre habang lumilindol. Mahalagang gumamit ng angkop na sabitan para sa laki at bigat ng bagay – ibig sabihin, huwag magsabit ng bagay sa iisang pako.

Gawing mas ligtas ang mga ito

- Ang dating paggamit ng isang pakong sabitan ng kuwadro ay tama lang para sa mga magagaang kuwadro kung ang pako ay ipinako sa isang bagay na buo, gaya ng wall stud.
- Ang anumang bagay na medyo mas mabigat ay mangangailangan ng dalawa o tatlong pakong sabitan, o marahil ay ilan pang mga sabitan. Ang mga napakabigat na kuwadro o salamin ay mangangailangan ng mas matibay pa. At saka, huwag kalimutang gumamit ng matibay na kurdon, hindi ng magaang pisi.

MUNGKAHI

Kapag naipako mo na ang sabitan o kawil, isabit ang kuwadro at tapos ay tanggalin ito para mailagay mo ang iyong kamay sa likuran nito at itulak na pasara ang kawil.

DIY

QUICK
FIX

Ang matuling lima

Limang hakbang sa paghahanda na aabutin ng limang minuto o kulang pa!

- 1 Maglagay ng non-slip mat sa ilalim ng isang mas maliit na appliance sa bahay (halimbawa, TV o microwave).
- 2 Magdikit ng Blu Tack o Quake Wax sa isang madaling mabasag na ornamento o mahalagang bagay upang pumirmi sa lugar ang mga ito.
- 3 Magdagdag ng positive-catching na latch (aldaba) sa pintuan ng cupboard o drawer na nagtataglay ng mga bagay na madaling mabasag. Tiyaking hindi magnetic ang latch, dahil hindi ito mananatiling nakasara kapag lumilindol. Ang mga latch na hindi nabubuksan ng bata na may mekanikal na aksyon ang pinakamagaling.
- 4 Ilipat ang mabigat na gamit sa bahay sa mas mababang istante o cupboard.
- 5 Palitan ang pako na ginagamit bilang sabitan ng kuwadro ng isang kawil na angkop ang laki.

Anim na dahilan para hindi maghanda para sa lindol (at kung bakit dapat mo pa ring gawin)

1

“Nagdaan dati ang bahay ko sa isang malaking lindol at naging okey lang ito. Sigurado akong magiging okey ulit ito.”

Bakit dapat kang maghanda pa rin

Kung nagdaan na sa isang mapaminsalang lindol ang iyong bahay, ibig sabihin ay nakatira ka sa isang aktibong nililindol na lugar na tiyak na makakaranas ulit ng isa pang paglindol. At ang susunod na lindol ay maaaring makaapekto sa iyong bahay sa kakaibang paraan sa mga nakaraang paglindol.

2

“Sa palagay ko ay magiging mahal ito.”

Bakit dapat kang maghanda pa rin

Marami sa aming mga hakbang sa paghahanda ay hindi gagastusan nang malaki para makumpleto. Maski ang mga mas malalaking proyekto, gaya ng pagtatanggal ng mga chimney, ay kadalasang nakukumpleto nang mas mabilis at mas mura kaysa sa inaasahan ng maraming tao.

3

“Mayroon akong insurance kaya kahit masira nang grabe ang aking lugar, saklaw pa rin ako.”

Bakit dapat kang maghanda pa rin

Napakahalaga ang pagkakaroon ng sapat na insurance, kaya magaling! Subali’t isa sa mga pangunahing epekto ng pagkakaroon ng nasirang bahay ay ang kasunod na kaabalahan. Sa pagsasagawa ng mga hakbang sa paghahanda ngayon, mangangahulugan ito ng kaunting pagkaabala para sa iyo at sa iyong pamilya, kaya makakabangon ka nang mas mabilis.

4

“Wala akong oras.”

Bakit dapat kang maghanda pa rin

Alam naming abala ang lahat, ngunit maging ang pagsasagawa ng ilang maliliit na hakbang ay makakatulong nang malaki kapag may lindol. Gawin ang makakaya mo ngayon at gamitin ang aming tseklist sa polyetong ito para planuhin ang iba pang mga proyekto.

5

“Hindi ako nakatira sa isang lugar na nanganganib mapinsala sa lindol.”

Bakit dapat kang maghanda pa rin

Nakasaklang ang New Zealand sa dalawang pangunahing mga tectonic plate, kaya anumang bahagi ng bansa ay maaaring makaranas ng mapaminsalang lindol. Kahit na hindi ka malapit sa mga alam na fault line, maaaring mapinsala ang iyong bahay ng isang malaki ngunit malayong lindol. Kaya, saan ka man nakatira, mahalagang maghanda.

6

“Mayroon akong mga bagay na dapat gawin na mas mahalaga kaysa maghanda para sa lindol.”

Bakit dapat kang maghanda pa rin

Sa sandaling mangyari ang isang mapaminsalang lindol, ang pagkakataon mong maghanda ay tapos na. Ang magandang bagay tungkol sa karamihan ng mga hakbang sa polyetong ito ay kapag tapos nang gawin ang mga ito, tapos na ang mga ito. Kaya simulan na at makadama nang kapanatagan na nagawa mo ang lahat ng iyong makakaya!

Pagkatapos ng isang likas na pangyayaring mapeligro

Sa unang ilang araw pagkatapos ng lindol, o ng iba pang likas na pangyayaring mapeligro, mahalaga na isagawa mo ang iyong planong pang-emerhensya. Alagaan ang iyong sarili, ang iyong pamilya at tulungan ang ibang tao kung kaya mo. Tiyakin na ang iyong bahay ay ligtas, malinis, naka-secure at hindi mapapasukan ng masamang panahon. Kapag natapos na ang lahat, maaari mo nang isipin ang pag-claim para sa pinsala sa iyong bahay o lupain.

Kung makakaranas ka ng pinsala, narito ang ilang mga mungkahi upang gawing maayos ang proseso ng pag-claim hangga't maaari:

- Kung maaari, kunan ng mga litrato ang anumang bagay bago mo itapon ang mga ito, at bago at makaraang makumpleto ang anumang agarang pagkumpuni. I-save ang mga ito sa cloud o sa iba pang ligtas at madaling maa-access na lokasyon.
- Gumawa ng listahan ng bawat lugar o bagay na iyong kinukunan ng litrato habang palibot-libot ka. Tutulong ito sa pagtukoy ng mga litrato sa hinaharap at titiyaking nakunan mo ang lahat.

Bagama't ang pagtiyak sa iyong kaligtasan ang dapat unahin, mabuting ideya na magharap ng iyong insurance claim sa lalong madaling panahon pagkatapos ng pangyayari. Mayroon kang maximum na dalawang taon upang magharap ng claim para sa pinsala. Gayunpaman, anumang pagkaantala na lalampas sa tatlong buwan ay maaaring makaapekto sa kakayahang tasahin ang iyong claim, at maaaring magresulta sa pagtanggì sa iyong claim.

Nakipagtuwang kami sa karamihan ng mga pribadong insurer para tasahin, pamahalaan at ayusin ang mga saklaw ng claim sa likas na mga peligro para sa pinsala sa ngalan namin. Sila ang iyong magiging pangunahing contact sa panahon ng pagproseso ng claim at maaari nilang sagutin ang anumang mga tanong na mayroon ka. Karaniwan, maaari kang mag-claim sa insurer sa online o sa telepono.

Naayos na ba ang iyong insurance?

Ang pagkakaroon ng insurance cover para sa iyong bahay at mga nilalaman nito ay talagang mahalaga para tulungan kang makabangon makaraan ang isang likas na pangyayaring mapeligro. Dagdag pa, ang pagkakaroon ng pribadong home insurance policy na sakop ang sunog (fire cover) (karamihan ay mayroon nito), ay nangangahulugan na ikaw ay awtomatikong karapat-dapat para sa NHC Toka Tū Ake insurance na produkto, ang NHCover.

Mahalagang regular na rebyuhin ang iyong insurance, kaya gamitin ang online calculator para malaman kung sapat na ang iyong insurance sa bahay para muling maitayo ang iyong bahay kung nasira ito nang grabe, at sapat ang iyong insurance sa nilalaman para mapalitan ang anumang nasirang mga ari-arian.*

Makakaraos ba kayong mag-isa ng iyong sambahayan pagkatapos ng isang likas na pangyayaring mapeligro?

Kapag may nangyaring emerhensya, magiging abala ang Civil Defence at mga serbisyong pang-emerhensya sa pagtulong sa mga taong higit na nangangailangan nito. Nasa sa iyo na tiyaking ang iyong pamilya, at ang mga taong pinagmamalasakitan mo, ay alam ang gagawin at mayroon kayo ng lahat ng kailangan ninyo para kayo ay makaraos sa sarili ninyo.

Bisitahin ang getready.govt.nz at sundin ang madadaling hakbang upang matiyak na handa ang iyong sambahayan.

* Simula noong Hulyo 1, 2020, ang NHC Toka Tū Ake ay hindi na nagbibigay ng insurance para sa pinsala sa mga nilalaman.



Julian Thomson | GNS Science



Ang Iyong Tseklis sa Paghahanda ng Bahay

Sa ibabaw ng aking bahay

- ☐ Ang aking mataas na brick o kongkretong chimney ay natanggal na o napalitan ng mas magaang opsyon.
- ☐ Ang aking bubungan ay yari sa mga magaang materyales (halimbawa, yero) na naka-secure nang mabuti sa framing.
- ☐ Ang aking mabigat na materyal sa bubong (halimbawa, mga kongkreto o slate tile) ay naka-secure nang mabuti sa framing na nasa ilalim.
- ☐ Gumamit ako ng strapping at bracing para mai-secure ang mga water header tank. O, kung hindi ginagamit ang header tank, natanggal ko na ito.

Sa paligid ng aking bahay

- ☐ Alam ko na aking mga retaining wall ay akma para sa layunin at nasa mabuting kondisyon.
- ☐ Tiniyak ko na ang anumang panlabas na malalaking tangke ng gas ay naka-secure gamit ang isang kadena.
- ☐ Alam ko kung paano isasara ang aking mga mains water at gas supply sa isang emerhensya.

Sa silong ng aking bahay

- ☐ Ang mga pundasyon ng aking bahay ay nakakonekta nang tama sa bahay sa itaas (sa pamamagitan ng paggamit ng mga Z nail, alambre o angkop na mga bracket).
- ☐ Mayroon akong sapat na bracing kung mayroon akong mga pole foundation, o ang distansya ng lupa sa sahig ay mas malaki kaysa sa 600mm.
- ☐ Nasa mabuting kondisyon ang aking mga pundasyon.
- ☐ Mayroon akong naikabit na mga flexible fitting sa pagitan ng mga appliance sa gas at plumbing at sa mga supply line nito.

Insurance

- ☐ Bumili ako ng pribadong insurance na magbibigay-daan para makumpuni o mapalitan ang aking bahay sakaling masira ito ng isang likas na peligro.
- ☐ Bumili ako ng pribadong insurance na magbibigay-daan para mapalitan ang mga nilalaman ng aking bahay sakaling mawala ang mga ito sa isang likas na peligro.
- ☐ Bumisita ako sa www.knowyourcover.co.nz upang higit pang maunawaan ang tungkol sa aking insurance para sa mga likas na peligro at ang mga limitasyon nito.

- ☐ Alam ko ang anumang mga hindi kasali (pinsala na hindi masasaklaw) mula sa isang likas na pangyayaring mapeligro.

Sa loob ng aking bahay

- ☐ Gumamit ako ng mga bracket para i-secure sa dingding ang mga matataas at mabibigat na muwebles (halimbawa, mga fridge at bookcase).
- ☐ Gumamit ako ng strapping at bracing para i-secure ang aking hot water cylinder.
- ☐ Naka-secure ang aking solid fuel burner ayon sa mga tagubilin ng tagagawa nito.
- ☐ Inilipat ko ang mga bagay na mabibigat sa bahay sa mas mababang mga cupboard o istante.
- ☐ Nagkabit ako ng mga latch o kandado sa mga cupboard upang matiyak na ang mga bagay-bagay ay hindi mahuhulog at mababasag.
- ☐ Nagtali ako ng kurdon sa harapan ng mga istante upang mapanatili sa lugar ang mga bagay-bagay.
- ☐ Gumamit ako ng Blu Tack o Quake Wax para i-secure ang mga madaling mabasag na mga bagay gaya ng mga vase (plorera) at iba pang mahahalagang bagay.
- ☐ Gumamit ako ng angkop na mga kawil para magsabit ng mga kuwadro at salamin para hindi mahulog ang mga ito.
- ☐ Gumamit ako ng mga restraint strap at mga non-slip mat para pigilan ang mas maliliit na appliance (halimbawa, mga TV, microwave) na mahulog o gumalaw.

Ang nangungunang limang bagay na gusto kong Ayusin (Fix) at Talian (Fasten) ay ang:

1

2

3

4

5